Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-17 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

## *KAPASIYAHAN BLG. 130-T-2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03-T'2002 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 01-T'2002 NG SANGGUNIANG ~~BARANGAY~~ NG TIMBAO NA KINUKUPKOP ANG KAUTUSANG BAYAN BLG. 25-T'200[redacted]GIL ALITUNTUNIN SA MAAYOS AT MABISANG PAMAMAHALA NG BASURA SA BARANGAY PATIMBAO NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, ang pagsasaalang sa mga kautusan ay nakasalalay sa maayos na pagpapatupad ng kanyang nasasakupan;

*SAPAGKA'T*, may ipinaiiral na batas sa kasalukuyan ang bayang ito ukol sa panuntunan pamamahala ng basura;

*SAPAGKA'T*, ang Barangay Patimbao ay sumusunod at tumatalima sa kautusang ito.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Purita P. Sarmiento, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, Roselon F. Pamatmat at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T'2002 / Kautusang Barangay Blg. 01-T'2002 ng Sangguniang Barangay ng Patimbao na kinukupkop ang Kautusang Bayan Blg. 25-T'2001 hinggil sa Alituntunin sa maayos at mabisang pamamahala ng basura sa Barangay Patimbao ng bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, at Barangay Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*.

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan